



# All About Young Children

Information for Families on Children's Early Development

MGA IMPORMASYON SA MGA EDAD NG BATA

## 36 buwan *hanggang* 48 buwan



# MGA PARAAN NG PAG-AARAL

*Anong mga kakayahan ang tumutulong sa mga batang matuto?*

### **Panimula ng Mga Paraan sa Pagkakatuto**

*Ang mga bata ay nakakakuha ng maraming kakayahan na tumutulong sa kanila na matuto at lumutas ng mga problema. Kabilang sa mga kakayahang ito ay ang kakayahan na makapagtuon ng pansin, kahit pa may mga pang-agaw ng pansin, upang magmasid, upang magtanong, upang kumalap ng mga impormasyon at tumuklas ng iba't-ibang paraan upang lumutas ng mga problema. Ang mga kakayahang ito ay tinatawag na paraan ng pagkakatuto.*

*Ang mga bata ay natututo na gumamit ng mga konsepto ng matematika tulad ng mga numero, hugis, at laki kapag lumulutas ng mga problema. Ginagamit nila ang lahat ng kanilang pandamdang upang kumalap ng mga impormasyon, punahin ang mga kaibahan at pagkakatukang, at madalas ay naghahambing. Marahan nilang pinagmamasdan ang mga tao at mga bagay at bumubo ng palagay o hypotheses at gumagawa ng prediksyon base sa kanilang mga pagmamasid. Sila din ay gumagawa ng mga simpleng eksperimento at tinatantiya ang kalalabasan ng kanilang mga eksperimento.*

*Ang mga bata ay natural na mausisa. Maaaring himukin ng mga matatanda ang pagiging mausisa ng mga bata at pagkukusa sa pagtanong sa mga bata ng mga tanong na maaari nilang sagutin nang mahaba at di lang isang salita, ang pagtugon agad sa kanilang mga katanungan, at sa pagbigay ng maraming uri ng mga materyal para tumuklas. Ang mga naturang suporta ang nagpapalakas ng lumalalim ng kumpiyansa ng mga bata bilang nag-aaral at pagkusa na ipagpatuloy ang paglutas ng nakakahamon na mga problema.*



## Anong mga kakayahan ang tumutulong sa mga batang matuto?

### MGA PARAAN NG PAG-AARAL

#### **Panimula**

Anong kakayahan ng mga batang na may edad preschool ang ginagamit upang lutasin ang mga problema?

- Isang kakayahan na ginagamit ng batang preschool araw-araw ay ang matematikong pangangatwiran.
- Ang mga konsepto ng bilang, pagbibilang, hugis at sukat ay nakatutulong lahat sa mga bata na lutasin ang mga problema. Ginagamit ng mga bata ang mga kakayahang ito upang pumili kung anong sukat ng plato ang kakailanganin nila para sa kanilang quesadilla, upang alamin kung ilang mga awto ang kailangan nila upang ang bawat kaibigan niya ay mayroon at upang maghanap ng malaking kumot na sapat upang kumutan ang dalawang sanggol.
- Ang batang preschool ay maaaring magsimula sa pamamagitan ng pagsubok sa ideya na hindi gumagana. Ang mas may edad na batang preschool ay maaaring sumubok ng maraming mga estratehiya, sa katapusan ay hahanapin ang ilan na gumagana. Hindi mahalaga kung gumana man o hindi ang kanilang ideya sa una hangga't nagsasanay sila gamit ang kanilang mga ideya, subukan ang mga iyon at palitan ang kanilang paraan sa paggawa kung kinakailangan. Ang mga estratehiyang ito ay kapaki-pakinabang sa pang araw-araw na paglutas sa problema. Gayundin sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa matematika.
- Ang mga bata ay gumagamit din kakayahang obserbasyon at imbestigasyon upang lutasin ang mga problema.
- Ginagamit ng mga bata ang lahat ng kanilang mga pandama upang kumalap ng impormasyon, at bumuo ng kahulugan at kaalaman.
- Sila ay likas na mausisang nagmamatyag at pinapansin ang maliliit na bagay na hindi napapansin ng matatanda, tulad ng mga langgam na lumalabas sa siwang ng bangketa.
- Maaari ring gamitin ng mga bata ang mga kagamitan na ibinigay sa kanila para magsukat o magmasid, na may gabay ng matatanda. Halimbawa, kapag inoobserbahan ang dahon, maaari silang gumamit ng magnifying glass upang makita ang "mga linya" nang mas malinaw o gumamit ng ruler (o blokeng yunit) upang sukatin ang haba nito. Sa pamamagitan ng pagmamasid, ang mga bata ay nagsisimulang kumilala at ilarawan ang mga pagkakahawig at pagkakaiba sa pagitan ng isang bagay at sa iba.
- Ginagamit ng mga bata ang kanilang umuunlad na kakayahan sa maingat na pagmamasid upang ikumpara at sabihin ang pagkakaiba ang mga bagay at mga pangyayari at iuri sila batay sa iba't ibang mga katangian. Halimbawa, maaaring ihiwalay ng bata ang lahat ng "matutulis" na dahon mula sa lahat ng pabilog na dahon o ihiwalay ang malalaking dahon mula sa maliliit.
- Maaari ring imbestigahan ng mga bata ang mga bagay at pangyayari sa pamamagitan ng pagsubok sa mga bagay upang makita kung ano ang mangyayari. Halimbawa, maaari silang mag-imbestiga kung ano ang mangyayari sa laruang awto kapag ito ay umandar pababa sa baku-bako o makinis na ibabaw, subukan ang kanilang mga ideya kung paano gamitin ang mga tubo upang umakyat pataas at bumaba ang tubig sa imbakan ng tubig.
- Natututo sila na hulaan ang mga pagbabago sa mga materyal at bagay batay sa kanilang kaalaman o karanasan at upang subukan ang kanilang mga hula sa pamamagitan ng mga obserbasyon o simpleng eksperimento.
- Ginagamit ng mga bata ang kanilang mga kakayahan sa obserbasyon at imbestigasyon upang magtanong, magmasid at ilarawan ang obserbasyon, gumagamit ng siyentipikong mga kagamitan, paghambingin at pag-ibahin, humula at kilalanin.



## Anong mga kakayahan ang tumutulong sa mga batang matuto?

### MGA PARAAN NG PAG-AARAL

*Ginagamit ng mga bata ang matematikong pag-iisip upang lumutas ng mga problema araw-araw.*

- *Iniaayos muli ng mga bata ang mga bloke upang bumuo ng balanse, mataas na tore, halimbawa, paglalagay ng hugis parihabang bloke sa ilalim at patatsulok na bloke sa itaas.*
- *Maaaring kumuha ang bata ng isa pang kabayo, upang ang kanyang mga kural ay may kabayo sa loob nito.*
- *Maaaring magbigay ang bata sa kanyang kaibigan ng dalawang bulaklak at itago ang dalawa para sa kanya, upang pareho silang mayroon ng magkaparehong bilang ng mga bulaklak.*
- *Maaaring ikumpara ng bata ang haba ng kanyang play dough na ahas sa kanyang mga kaibigan upang makita kung alin ang pinakamahaba.*
- *Maaaring lumikha ang bata ng mga grupo ng bagay ayon sa kung sila ay gumugulong o hindi.*
- *Maaring maglagay ang bata ng buhangin mula sa malaking balde papunta sa mas maliit na lalagyan at mapagtanto na ang buhangin ay hindi kakasya at pagkatapos ay maaaring kumuha ng isa pang mas malaking balde.*

*Ipinakikita ng mga bata ang pagiging mausisa at nagtatanong ng mga simpleng tanong tungkol sa mga bagay at pangyayari sa kanilang kapaligiran.*

- *Ang bata ay maaaring magtayo ng tore ng pataas nang pataas upang tingnan kung gaano kataas ang maaabot bago ito bumagsak.*
- *Ang bata ay maaaring tumingin sa kuhol at magtanong kung bakit ito nagtatago sa kanyang bahay.*
- *Ang bata, kapag ang awto ay huminto sa rampa, at maaring bumalik ang awto ng pabaliktad at mapapansin na ang gulong ay nasira.*

*Nagmamasid ang mga bata ang mga bagay at pangyayari sa kapaligiran at inilalarawan nila.*

- *Maaaring obserbahan ng bata ang loob at labas ng kalabasa at ilarawan kung anong hitsura, amoy, at pakiramdam nito, gamit ang kanyang paningin, pang-amoy at pandama.*
- *Maaaring obserbahan ng bata ang gumugulong na bola pababa sa dalisdis at makipag-usap, "Tingnan mo, ang bilis ng paggulong. Susubukan ko uli."*
- *Maaaring tikman ng bata ang piraso ng kahel at piraso ng lemon at tawagin na ang kahel ay matamis at maasim ang lemon.*
- *Ang batang may kapansanan sa paningin ay maaaring humawak sa puno ng kahoy at sabihin na, "Nararamdaman kong magaspang ng kaunti kapag hinahawakan ko ang puno."*
- *Pagkatapos ilaglag ng bata ang iba't ibang bola sa sahig, maaari itong makinig at ikumpara ang iba't ibang tunog na nilikha nito at ituturo kung aling bola ang malakas ang tunog at aling bola ang may mahinang tunog.*
- *Habang naglalakad ang bata sa paligid, maaari itong umupo upang amuyin ang ilang mga namumukadkad na bulaklak at sumigaw, "Mabango ang amoy nito!"*

*Ang mga bata ay nagsisimulang kilalanin at gamitin, na may gabay ng matanda, ang mga obserbasyon at mga kagamitang pansukat.*

- *Habang nagsusuri ng mga dahon ang bata, maaaring gumamit ng magnifying glass, sa tulong ng magulang, upang obserbahang mabuti ang dahon.*
- *Habang naghuhukay ang bata sa hardin, maaaring gumamit ng pala upang ilipat ang lupa sa bakuran.*



## Anong mga kakayahan ang tumutulong sa mga batang matuto?

### MGA PARAAN NG PAG-AARAL

- *Maaaring humawak ang bata ng medida pataas sa mesa at sabihin na, "Sinusukat ko ang mesa. Ito ay may 6 na haba."*
- *Maaaring tulungan ng miyembro ng pamilya ang bata na gumamit ng tasang panukat, sukatin ang dalawang tasa ng harina sa oras ng pagluluto.*
- *Habang nagmamasid sa mga langgam gamit ang magnifier, maaaring sabihin ng bata na, "Tingnan mo napakalaki ng buto. Mas malaki ito kaysa sa langgam."*

*Ikinukumpara ng mga bata ang mga bagay at pangyayari at nagsisimulang ilarawan ang pagkakatulad at pagkakaiba.*

- *Maaaring obserbahan ng bata ang mga bato at ayusin ang mga iyon ayon sa sukat, na ipinahihiwatig kung alin ang malaki at alin ang maliit.*
- *Maaaring obserbahan ng bata ang loob at labas ng pakwan at ilarawan ang pagkakaiba. "Ang labas ay berde at matigas, ang loob ay pula at malambot."*
- *Maaaring makita ng bata ang mga larawan sa picture book at ilarawan kung ano ang nakikita: "Ang mga palaka ay berde, at ang mga kabatsoy ay kayumanggi."*
- *Maaaring ilarawan ng bata kung gaano kabagal ang trak at ang dilaw na kotse ay napakabilis.*
- *Maaaring ilublob ng batang hindi pa nakapagsasalita ang kanyang mga darili sa tasa ng tubig at sabihin kung aling tasa ang may mas malamig na tubig.*

*Hinuulaan at sinusuri ng mga bata, katulong ang matanda, sa pamamagitan ng tunay na karanasan.*

- *Maaaring suriin ng bata ang mansanas at hulaan: "Siguro may anim na buto ito sa loob." Pagkatapos itong biyakin ng magulang, maaari niyang bilangin ang mga buto.*
- *Maaaring tumingin ang bata sa bintana kung mahangin at hulaan, "Mas maraming dahon ang malalaglag."*
- *Maaaring hulaan ng bata kung gaano kalayo ang nararating ng laruang awto pababa sa rampa, sa pamamagitan ng distansya gamit ang kumpas ng kamay. Pagkatapos, maaaring itulak ng bata pababa ang awto upang subukan ang kanyang hula.*



## Anong mga kakayahan ang tumutulong sa mga batang matuto?

### MGA PARAAN NG PAG-AARAL

**Mga tip para sa pamilya upang tulungan ang mga bata upang sanayin sa matematikong kaisipan, upang maging mapagmatyag, at sumali sa imbestigasyon:**

- *Mag-alok ng mga kagamitang walang limitasyon para laruin ng mga bata, kabilang ang mga bloke, awto, kabibi, mga laruang hayop, maliliit at malalaking kahon na karton.*

*Ang mga open-ended na bagay ay naghihikayat sa mga bata na gamitin ang kanilang pagiging malikhain, imahinasyon, at kakayahan na lumutas ng mga problema.*

- *Ibilang ang mga bata sa mga gawaing bahay tulad ng pagluluto, pag-aayos ng mesa, at pag-aayos na labada. Hilingin sa mga bata na lutasin ang mga katanungan, halimbawa:*
  - *"Para sa ilang tao natin kailangang ihanda ang mesa na may plato, tinidor at serbilyeta?"*
  - *"Maaari mo bang ilagay ang lahat ng matitingkad ang kulay na damit sa basket na ito, at ang madidilim na kulay sa basket na ito?"*
  - *"Mayroon tayong dalawang mansanas, dalawang saging at dalawang kahel para sa ating ensaladang prutas, ilan lahat ng piraso ng prutas na mayroon tayo?"*
- *Magmungkahi ng simpleng gawain sa pagsusukat para sa iyong anak. Halimbawa: "Kapag inihanay natin ang mga awto, ilan sa palagay mo ang kakasya sa gilid ng mesang itong?"*
- *Kapag ikaw ay namimili sa groseri, humingi ng tulong sa iyong anak.*
  - *"Maaari ka bang kumuha ng 3 saging?"*
  - *"Ilang patatas sa palagay mo ang kakasya sa bag? Maaari ba nating bilangan ang mga iyon?"*
  - *"5 tayo sa pamilya, maaari ka bang kumuha ng mansanas para sa bawat isa?"*
  - *"Kailangan ng natin ng 2 pound ng melokoton. Tingnan mo ang timbangan upang makita kung ang panturo ay nasa 2."*
- *Kung ikaw ay nasa labas o nasa liwasan, huminto upang tingnan mabuti ang iyong paligid. Obserbahan kung saan interesado ang iyong anak at tanungin upang himukin na magmasid at mangatwiran.*

*Kapag sinusupportahan natin ang pagtuklas ng ating mga anak ng kanilang mga interes, matutulongan natin silang palalimin ang kanilang pagtutuklas at pang-unawa sa mundo ng kanilang kapaligiran.*

- *"Ah, nakakita ka ng dahon, nasaan pa ang isa na kapareho nito? May mga dahon pa ba na naiiba?"*
- *"Nakita mo ba ang lahat ng bulate? Hindi natin sila nakita kahapon. Ano sa palagay mo bakit sila lumabas ngayon?"*

allaboutyoungchildren.org